

Chapter *One*

Nakaupo siya sa labas ng isang café na may magandang view ng *Avenue of Stars*. Katatapos pa lang niyang isarado ang isang malaking deal sa isang grupo ng Chinese nationals. Pero gusto niya munang hintayin ang confirmation ng isa pang project bago siya mag-celebrate. Mamaya na siya magsasaya—pagkatapos ng confirmation ng magandang balita mula sa kanyang abogado na si Ronan.

He was sipping up his coffee while watching the passers-by. Karamihan sa nakikita niya ay mga Pinoy. Abala ang mga mata niya sa pagmamasid pero ang isipan niya ay naglalakbay. Nasa Pilipinas

ang isipan niya—sa isang importanteng business deal.

Ibinaba niya sandali ang hawak na tasa at sinipat ang orasang pambisig. It was time.

And at exactly 7PM, he—thirty-year-old billionaire Alessandro Mendrez—was finally the owner of *De Silva Memorial Medical Center* or *DSMMC*. He was not in the medical field, pero katuparan ng matagal na niyang pangarap ang maangkin ang nasabing pagamutan.

Alessandro owned three five-star hotels in the Philippines. Nasa real estate ang kompanyang pinamamahalaan niya. Kung tutuusin, sakit ng ulo na ang magdagdag ng negosyo, lalo na at hindi naman niya linya.

He wanted the hospital for one reason only: revenge.

Limang taon siya nagsumikap na palaguin ang lupaing naiwan sa kanya ng yumaong ina. Nakiayon ang tadhana.

At habang nagtatagumpay siya, nagsimula namang bumagsak ang *DSMMC*.

Ngayon ay makakamit na rin niya ang pinapangarap na paghihiganti para kay Sofia.

Makukuha na niya ang bagay na pinakaimportante kay Dr. Mariano De Silva—ang ospital nito. Iisa-isahin niyang kunin ang nakapagpapasaya sa pobreng doktor hanggang umabot sa puntong ito na mismo ang kikitil sa sarili nitong buhay.

Tatapusin na niya ang pagkakape. Sasabay siyang maglakad-lakad sa mga taong nakikita niyang nag-e-enjoy sa lugar.

Hindi natuloy ang paglapat ng rim ng tasa sa kanyang bibig. Somebody had caught his attention.

Isang simpleng floral dress lamang ang suot ng babae, na pinatungan ng itim na cardigan. Wala itong kahit anong accessories sa katawan.

Ibinalik niya sa mesa ang tasang naglalalaman ng di pa nauubos na kape. Parang may pakpak ang mga paa na tumayo siya, nakatutok ang mga mata sa kanyang *target*.



Her life was a mess. Sa loob ng tatlong taon ay para siyang zombie—a walking dead. Sa bahay ay nasa kuwarto lang palagi si Bridgett. Either natutulog siya o di kaya ay tahimik na kinakausap ang litrato ng nobyong si Ferdie. Pag may

pagkakataon ay doon niya iyon ginagawa sa harap ng puntod ng yumaong nobyo. Sa Gen San ito nakalibing at pag may bakasyon ay umuuwi siya sa probinsya.

Sa ospital, nagagawa niyang magtrabaho nang maayos, pero ni minsan ay di niya nagawang ngumiti. Kung di lang siguro malumanay ang boses at pakitungo niya ay baka walang pasyenteng natuwa sa kanya.

She's alive but she stopped living three years ago dahil nagtapos na ang lahat para sa kanya nang mamatay si Ferdie sa isang aksidente.

Inayos ni Bridgett ang suot na cardigan nang maramdaman ang malamig na ihip ng hangin. Kung hindi lang siya nahihiya sa mga kabarkada niya, nuncang tanggapin niya ang birthday gift ng mga ito sa kanya na trip to Hong Kong.

Alam niyang umaasa ang mga ito na may mababago sa disposisyon niya kung aalis siya ng Cebu at pupunta sa lugar na walang memories ni Ferdie. Ang hindi alam ng mga ito, sa tatlong araw na bakasyon doon ay ngayon, kung kailan last day na niya sa Hong Kong, lang siya lumabas para mamasyal.

Nang mapagod sa paglalakad ay humanap siya ng mauupuan. Hindi gaanong matao ang napili niyang puwesto pero maganda pa rin ang view ng karagatan mula doon. Ipinikit niya ang mga mata at tinangay siya ng isip pabalik sa nakaraan.

Hindi pa man tumutunog ang alarm ni Bridgett ay nakadilat na ang kanyang mga mata. Sa sahig ng kuwarto na nilatagan lang niya ng manipis na foam siya nakatulog katabi ang makakapal na aklat. Hindi niya namalayang nakatulugan na niya ang kanyang case presentation tungkol sa isang pasyente na dahil sa kagagamit ng droga ay inatake sa puso sa edad na twenty-three.

Itinutok niya sandali ang mga mata sa kisame, pagkatapos ay hinagip ang kanyang cellphone. Bago pa magpunta sa kanyang messages ay binuksan muna niya ang kalendaryo ng aparato.

“Three hundred five days to go, Bridgett, before you finally say ‘I do,’ ” nangingiting sabi niya.

Malayo pa ang April, buwan ng kanyang kasal, pero pakiramdam niya ay malapit na iyon sa bawat araw na nababawas sa countdown niya. Ayaw ng papa niya kay Ferdie pero ibibigay daw nito ang basbas nito na makasal sila sa oras na makuha na

ni Bridgett ang diploma niya sa kursong medisina. Ang pangakong iyon ng ama ang nagbibigay-lakas sa kanya araw-araw.

Nang ma-exit na niya ang calendar ay sa messages naman siya pumunta. Mabilis na nagtipa ng mensahe ang mga daliri niya.

‘Good morning, mahal. I love you...’ Hindi na naalis ang ngiti sa kanyang labi hanggang sa pindutin ang send button.

Wala pang isang minuto ay may isang bagong mensahe na sa kanyang inbox.

‘I love you too, mahal. Ingat sa duty at advance happy birthday. How I wish nandiyan ako sa tabi mo bukas. Kahit wala ako diyan bukas, tandaan mo lagi na mahal na mahal kita. You are my life, mahal ko.’

Parang nakainom siya ng energy drink—ganoon ang epekto ng mga sweet na mensahe ni Ferdie sa kanya.

Naghanda na si Bridgett para sa kanyang duty.

Nang pumatak ang alas ocho ng umaga ng sumunod na araw at dumating na ang papalit sa kanya ay saka lang niya nagawang sabihin sa sarili na ‘Happy Birthday, Bridgett!!!’

Nang i-check niya ang cellphone ay wala kahit isang mensahe o missed call man lang mula sa nobyo. Magtatampo na sana siya dito pero pagdating niya sa quarters nila ay may naghihintay na malaking frame na balot ng papel. Nang tanggalin niya ang papel ay tumambad sa kanya ang portrait niya. May ideya na siya kung kanino galing iyon. Kinuha niya ang maliit na sobre na kasama ng painting at binasa ang note sa card.

*To the most beautiful woman I know,
Happy, happy birthday. We are miles apart but
my love for you is greater than the distance that
separates us. Isasama ko sana ito sa exhibit ko
next month, pero naisip kong dapat ako lang
ang makakita sa magandang mukha ng mahal
ko. I am yours and you are mine forever.*

*Always,
Ferdie*

*May namuong luha sa kanyang mga mata.
Pinahid niya iyon gamit ang likod ng kanyang
palad. Agad na kinuha ni Bridgett sa bulsa ang*

kanyang cellphone at pinindot ang speed dial para sa numero ni Ferdie. Nakakailang ring na iyon pero walang sumasagot.

Nang sa wakas ay may sumagot, babae iyon, at nagpakilalang nurse. Sinabi nitong nasa ospital si Ferdie.

Para siyang sira habang sinusubukang kontakin ang mga magulang ni Ferdie para kumustahin ang kalagayan ng nobyo. Wala pang isang oras ay nag-ring ulit ang cellphone niya.

Si Bishal, kaibigan ng boyfriend niya. Wala na daw si Ferdie. Hindi kinaya ng katawan nito ang mga natamong injuries nang mabangga ang kotse nito ng isang truck na nawalan ng preno.

Ang mainit na butil ng luha na dumaloy sa kanyang pisngi ang nagpabalik kay Bridgett sa kasalukuyan. Three years na mula nang aksidente, pero parang kahapon lang nangyari ang lahat. Tatlong taon na pero parang sariwa pa rin ang sugat sa puso niya.

“Happy 25th birthday to me,” bati niya sa sarili. Nakapaloob sa mga katagang iyon ang sakit na nararamdaman niya ngayon.

Isang mapaklang ngiti ang gumuhit sa kanyang

labi. Hinayaan niya muna ang luha na maubos at matuyo bago nagpasyang lisanin na ang lugar para bumalik na sa hotel room niya. Maaga pa ang flight niya bukas pabalik ng Pilipinas kaya dapat maayos na niya ang mga gamit niya.

Pagpihit ni Bridgett ay may nakatayong babae at nakaharap sa kanya. Tila kanina pa ito nakatayo sa likuran niya at hinihintay lang siya.

Weird, naisip niya.

Lalagpasan niya sana ito pero pinigilan siya nito sa braso. Gulat na napatingin siya rito. Nakatitig sa kanya ang itim na itim na mga mata nito.

Ihi-hypnotize pa yata ako...

“You have gone through a lot.”

Napakunot-noo siya sa sinabi nito. Hindi nito alam ang pinagdaanan niya.

“You have experienced two tragedies in your love life. But you will soon have your happy ending,” sabi nito at pinakawalan na ang braso niya.

Para siyang itinulos sa kinatatayuan. Nawala na at lahat sa paningin niya ang babae ay hindi pa rin siya umaalis. Hindi na siya naniniwala sa happy

ending.

“Crazy woman,” nasambit niya. Pagbaling niya para ituloy ang paglalakad ay bumangga si Bridgett—sa matigas na dibdib ng kung sino. Kung hindi siya napakapit sa braso nito ay malamang na nakaukit sa isa sa mga stars doon sa *avenue* ang pang-upo niya.

Nang mag-angat siya ng tingin ay nalaman niyang matangkad din ito.

“I’m sorry.” Baritono ang boses nito.

At sa unang pagkakataon, sa loob ng tatlong taon, ay nagawa ni Bridgett na ‘tumingin’ sa isang lalaki.

“I’m sorry,” ulit nito.

At nakita niya ang maputi at pantay-pantay na ngipin. Parang may sariling isip na kusang pinakatitigan pa ng kanyang mga mata ang matangos na ilong nito. His eyes were green. Parang na-magnetize na nakipagtitigan siya sa mga mata nito na pakiramdam niya ay may kakayahang basahin ang buo niyang pagkatao.

“Nasaktan ka ba?” nag-aalalang tanong nito.

Ilang pulgada lang ang layo ng mukha ng estranghero sa kanya. Nagawa niyang hamigin ang

sarili.

“Hindi.” Nagpasalamat si Bridgett at nagtagumpay na iiwas ang paningin dito. Tumuwid siya at bumitaw na sa lalaki. “I’m fine.”

“Tama ang hinala ko, isa ka sa magagandang Pilipina na nagbabakasyon lang dito.” He flashed his perfect set of teeth again.

This time ay isa lang ang nasa isipan niya: guwapo ito.

Inilahad ng lalaki ang kamay nito. “I’m Alessandro Men...” His voice trailed off nang isang nang-uuyam na ngiti ang sumilay sa mga labi niya.

Luma na ang istilo na ginamit ng estranghero. This guy was just like all the others. Ginamit lang nitong excuse ang pagbangga sa kanya para makipagkilala.

How lame!

Ang kaninang paghanga para sa lalaki ay parang tinangay na ng hangin.

She met his gaze again. “You are handsome and you look decent. You don’t need to stoop this low just to know a girl’s name.” Nakita niya kung paano nagliwanag ang mukha nito. “Word of advice, don’t do this again. It won’t work on the smart ones,”

kalmadong sabi niya. “Ang cheap.”

Hindi na niya hinintay na humirit pa ito.

Kaagad na siyang umalis.

Two tragedies... Possible nga kaya?

Una ay ang broken engagement niya sa businessman na si Miko Chua. Ikalawa ay ang pagkamatay ni Ferdie.

No. Walang happy ever after.

